

Chapter

One

“Sino ang ama ng batang ‘yan?” tiim-bagang na tanong ni Bryson Cayetano habang nakasubsob sa dibdib ng mama nila ang kapatid na si Agatha at tahimik na umiiyak.

Hindi mapigilan ng binata ang pagkuyom ng mga palad kaya minabuti na lamang niyang mamulsa bago pa siya may masuntok. Walang paglagyan ang galit at disappointment niya.

Bago namatay sa sakit na cancer ang kanilang ama ten years ago, ipinangako ni Bryson dito na aalagaan niya ang mama niya at si Aggie.

Tinupad niya iyon sa abot ng kanyang makakaya pero mukhang kulang pa rin ang lahat ng ginawa niya dahil buntis ngayon ang labing-anim na taong gulang

niyang kapatid.

“Sino ang ama niyan?” ulit niya nang hindi sumagot si Agatha.

Umiling lang ito. Nang tingnan siya ng kapatid, matalim ang mga mata nito, hindi dahil sa galit ito kundi dahil desidido itong protektahan ang gagong nakabuntis dito. Kilala siya ni Aggie. Alam nito kung ano ang kayang gawin ni Bry.

“You don’t need to know. Ang kailangan mo lang malaman ay ayaw niya akong panagutan.”

He let out a low expletive. Naihagod niya ang mga daliri ng dalawang kamay sa buhok at nagsimulang magpalakad-lakad.

Alam ni Bryson na hindi siya nagkulang sa pag-aalaga kay Aggie o sa pagbabantay rito, pero pakiramdam niya kasalanan niya ito somehow. Si Aggie ba ang nagbabayad sa mga kasalanan niya sa mga babae noon?

Noong isang gabi lang, nakipag-break siya sa huli niyang girlfriend dahil pine-pressure na siya nitong magpakasal. She had been the latest in a long line of women who had expected things from him, things he couldn’t give them. It was annoying.

Bago siya magsimulang makipagrelasyon sa isang babae, nililinaw ni Bryson na hindi siya ang klase

ng lalaking nakikipag-commit. Na kung gusto ng babae ng kasal at ng forever, hindi siya ang lalaking hinahanap nito.

He had no idea why when women looked at him, they see a challenge and think that they would be the one woman who could melt his heart.

Ang hindi alam ng mga ito, hindi nababalot sa yelo ang puso ni Bry. Walang yelong kailangang tunawin. Sadya lang talagang hindi ginawa ang puso niya para ibahagi sa ibang taong hindi ang kanyang mama o ang kanyang kapatid. So the woman always ended up heartbroken.

He didn't think it was his fault. Hindi naman siya nagsinungaling sa mga ito. It was their own fault they ended up heartbroken.

Sa tuwing malalaman ni Aggie na may babae na naman siyang pinaiyak, his sister would shake her head and laughingly say, *“Heartbreaker ka talaga, Kuya. One of these days, makakahanap ka rin ng katapat.”*

He doubted it, which was why naisip niyang baka si Aggie nga ang nakakuha ng karma niya kung totoo ang karma.

Huminto si Bryson sa tapat ng bintana at tiningnan ang hardin sa labas niyon. “You know

I'll find out who he is, Agatha," he said, his voice dangerously low.

Ang mama nila ang nagsalita. "Bry, maybe we should let Agatha rest for now. All this stress can't be healthy for her or the baby."

Nang hindi siya sumagot, narinig niya ang mama nila na pinapaakyat na muna sa silid nito si Agatha. Pagkatapos ay lumapit ito sa kanya at idinantay ang kamay sa tensyonado niyang balikat.

"Ano'ng gagawin natin, Ma?"

"Ano'ng magagawa natin eh nandito na. All we can do is help her through it."

"At 'yung lalaki?"

"He made his choice. Kung ayaw niyang panagutan si Aggie, hindi natin siya puwedeng pilitin. Pero nandito naman tayo, hindi ba? Hindi natin pababayaan si Aggie."

Umiling si Bryson at inabot ang kamay nito na nasa kanyang balikat para pisilin iyon.

Of course hindi niya pababayaan si Aggie. Pero hindi ibig sabihin hahayaan na lang din niya ang gagong lalaking nakabuntis dito na hindi pagbayaran ang ginawa nitong panloloko at pananakit sa kapatid niya.

Lintik lang ang walang ganti.



Umuusok sa galit ang butas ng ilong ni Martina nang sumugod siya sa labas at namaywang sa dalawang lalaking nanlalaki ang mga mata sa gulat habang nakatingin sa kanya.

Twenty-four na si Marty, NBSB, never been touched, never been kissed at perpetually nasa friendzone sa kabila ng pagiging mabait, matalino, masipag at maganda.

Frustrated siya, oo, at ang sinisisi niya ay ang lima niyang mga kapatid na lalaki. Nope, hindi dahil strict ang mga ito sa mga manliligaw niya kundi dahil pakiramdam niya ay siya ang sumalo ng karma ng mga ito.

Anim na ang pamangkin ni Marty sa apat niyang mga kuya sa anim na mga babae. Wala ni isa sa mga ito ang kasal na. Karma ba 'ika mo? Oo, sa kanya bumalik ang lahat ng karma ng mga kapatid. Siya ang nagbabayad para sa mga kasalanan ng mga ito.

At habang naghuhugas ng pinggan sa kusina, narinig niyang nag-uusap ang panganay nilang si Kuya Eric at ang bunso nilang si Elmer sa likod-bahay. Muntik na niyang mabitawan ang pinggan nang magtatapat ang huli na nakabuntis nga raw ito.

Kung magbabasag siya ng pinggan, doon niya iyon

babasagin sa tuktok ng ulo ng bunso nila.

“Ano ’tong narinig kong nakabuntis ka?” sigaw ni Marty.

“Shh!” saway ni Elmer. “Baka may makarinig sa ’yo!”

“As if naman maitatago n’yo ’yan!” sabi niya na hindi hinihinaan ang boses. “Sino’ng nabuntis mo? Sino?”

“Ito talagang si Ate Marty, chismosa!”

“Chismosa ako?” Binatukan niya ito. “Eh nand’yan lang ako sa likod n’yo, naghuhugas ng pinggan. Kung ayaw ninyong may makarinig, sana hindi kayo dito nag-usap! Sino? Sino’ng nabuntis mo?”

“Wala!” sabi ni Elmer. Piningot niya ito. “Aray! Classmate ko! Classmate ko!”

Saka niya ito pinaghahampas. Galit na galit talaga siya. Sinangga lang ng kapatid niya ang mga palo niya at pinrotektahan ang sarili. “Aray, Ate! Kung makahampas ka naman, parang ikaw ang nabuntis!”

“Ungas ka talaga!” sabi niya na muling piningot ang tainga nitong hindi nito natakpan. “Hindi ka na natuto kina Kuya!”

“Hoy!” defensive na sabi ni Eric. Natahimik itong parang maamong tupa nang tapunan niya ito ng matalim na tingin.

Sa kanilang anim, si Marty ang pinakamaliit, pinakapayat at nag-iisang babae, pero siya ang itinuturing ng mga ito na alpha female ng pamilya. Paanong hindi, eh di hindi niya inalagaan ang mga ito na ni hindi marunong magpakulo ng tubig para sa instant noodles!

Alam niyang pinagbibigyan lang siya ng mga ito dahil tamad mag-effort ang mga kapatid na makipag-debate sa kanya dahil talagang hindi niya tatantanan ang mga ito hanggang sa makuha niya ang gusto niya.

Magpasalamat na lang sila na hindi siya materialistic. Ang madalas lang niyang hingin sa mga kapatid ay ang huwag mag-iwan ng maruming baso sa lababo o na magpunas man lang ng paa bago pumasok ng bahay nila.

Muli niyang binalingan si Elmer. “Ano’ng gagawin mo? High school ka pa lang! Paano mo papakainin ang mag-ina mo?”

At talaga yatang walang sense of self-preservation ang bunso dahil namilog lang ang mga mata nito sa kanya. “Papakainin? Ni hindi ko nga mapakain ang sarili ko!”

Sigurado si Marty na umakyat sa ulo niya ang lahat ng dugo niya sa katawan. Napatayo si Elmer at lumundag palayo sa kanya, nakataas ang mga kamay

para takpan ang mukha. Hinawakan siya ng Kuya Eric nila. Buti na lang talaga dahil baka nahablot niya iyong paso ng fortune plant na nananahimik sa tabi ng pintuan papasok ng kusina at naibato iyon sa kapatid.

“Marty, pumasok ka na. Ako na’ng kakausap kay Elmer,” sabi ni Eric na iginigiya siya pabalik sa kusina.

“Ikaw ang kakausap? Eh, sa ’yo nga nagmana ’yan!”

Sixteen lang din noon si Eric nang mabuntis nito ang ina ng panganay nito. Nasa ina nito ang bata pero may bagong kinakasama si Eric at may anak na rin ang dalawa. Doon din nakatira ang mga ito sa compound ng pamilya nila.

“Sige na, ako na’ng bahala.”

“Sasabihin ko ’to kina Nanay at Tatay.”

Inakbayan siya nito at pasimple siyang iginiya pabalik sa kusina. “Ako na nga ang bahala,” ulit nito. “Pumasok ka na.”

Inirapan niya ito bago padabog na pumasok ng bahay.

Nakasalubong niya ang isa pa niyang kuya na si Erwin. Ito at ang sarili nitong mag-ina ang kasama niya sa bahay na tinutuluyan. May dala itong mga bukas na bote ng beer at halatang patungo rin sa likod-bahay para siguro sa inuman habang pinag-uusapan ang problema ni Elmer.

Iyon ay kung problema nga kung ituring ng mga buwisit niyang kapatid ang nangyari.

Sa apat niyang kuya, itong Kuya Erwin lang niya ang nagseryoso sa babaeng nabuntis nito. Bagaman hindi pa kasal kay Belinda na high school sweetheart nito, kasalukuyan nang engaged ang dalawa.

Ang Kuya Eric niya? Malamang ikokonsidera pa nitong achievement ang nangyari, na *binata* na si Elmer, kaya pa-beer-beer pa ang mga loko.

“Aakyat na ako, Kuya,” masungit niyang sabi kay Erwin. “Ikaw na ang magtapos maghugas ng pinggan.”

“Hoy! May gagawin ako!”

Hindi niya ito nilingon. “Puwede mong gawin ’yun pagkatapos mong maghugas ng pinggan!”

Nagmarcha siya patungo sa hagdan at umakyat sa silid niya. Hindi napigilan ni Marty ang padabog na pagbalibag ng pinto bago iyon ini-lock. Dumapa siya sa kama, tumili habang nakabaon ang mukha sa unan bago siya tumihaya.

Ang sama-sama ng loob niya kay Elmer.

Noong bata si Marty, ang tawag ng nanay nila sa kanya ay “Little Nanay” ng kanilang bunso. Mas matindi pa raw siya sa kanilang ina sa pagbabantay at pag-aalaga kay Elmer kahit pa six years old lang siya nang ipanganak ito. Gigising din daw siya kapag

umiiyak ang kapatid sa gabi at tutulong sa pagpapalit ng diaper nito at sa pagtitimpla ng gatas.

Sineryoso ni Marty ang role niya na iyon kaya todo paalala siya sa kapatid nang magsimula itong magbinata. Heto, wala pa rin. Hinampas niya ang unan niya bago tumagilid at niyakap iyon.

Siguro kaya rin siya galit ay dahil umasa siyang mabuting lalaki si Elmer. Kung *naging* matino ito, puwede rin siyang umasa na may iba pang lalaking matino sa mundo at na nag-e-exist somewhere out there ang dream man niya.

Paano pa siya aasa ngayon eh kahit iyong sarili niyang palaki, lumaki pa ring siraulo?

Suko na siya. Bahala na sila sa buhay nila. Magpapakatandang dalaga na lang talaga siya.

Dahil sa takbo ng buhay ng mga kapatid niya, kapag si Marty ang na-in love, hindi na siya magugulat kung mauwi iyon sa isang matinding heartbreak. Para kasing imposibleng hindi singilin ang mga lalaking iyon sa kagaguhan nila. Hindi malabong si Marty ang magbayad niyon para sa mga ito.

